



Gabay sa Panayam ng mga Organisasyon sa Komunidad para sa Pag-update ng Plano ng Pampublikong Transportasyon ng WSDOT

Pangalan ng organisasyon: _____ **Petsa:** _____ **Rehiyon:** _____

Habang ina-update namin ang plano, gusto naming marinig mula sa mga taong may iba't ibang uri ng background, at mga karanasan sa buhay, at gusto naming makuha ang pananaw ng mga tao mula sa buong estado. Nais naming makarinig lalo na sa mga taong higit na makikinabang sa mas epektibong sistema ng pampublikong transportasyon. Paano namin pinakamahusay na maaabot ang mga taong pinaglilingkuran mo?

Ano ang ilang paraan na maaari nating gawing mas madali para sa mga tao na bigyan tayo ng feedback?

Anong mga wika ang dapat nating ihanda para magsagawa ng pag-abot para makakuha ng feedback mula sa mga tao sa iyong komunidad?

Ginawa kamakailan ng Estado ng Washington na magbigay ng kabayaran para sa mga taong naglalaan ng oras upang lumahok sa mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan. Anong anyo ng kompensasyon sa tingin mo ang pinakamahusay na gagana para sa mga tao? Sa palagay mo, paano natin mabibigyang halaga ang oras at kadalubhasaan ng mga tao?

Gusto naming makipartner sa iyo upang maabot at makakuha ng feedback mula sa mga taong pinaglilingkuran mo. Ano ang maaari naming gawin upang ito ay maging kapaki-pakinabang para sa iyo at sa iyong organisasyon? Paano mo ito nakikita? Anong uri ng mga bagay ang dapat nating iwasan?

Anong mga alalahanin ang ibinahagi mo sa Departamento ng Transportasyon ng Estado ng Washington (Washington State Department of Transportation, WSDOT) noong nakaraan na dapat naming tandaan habang nagtatrabaho kami sa iyo o nakikipag-usap sa mga tao sa iyong mga komunidad?

Gaya ng nabanggit ko kanina, ang Plano ng Pampublikong Transportasyon ay isang gabay sa mga taong gumagawa ng mga desisyon tungkol sa pampublikong transportasyon. Ano sa palagay mo ang mahalagang marinig ng mga gumagawa ng desisyon?

May iba pa ba tayong dapat isipin habang pinaplano natin ang ating pakikipag-ugnayan?

Mayroon bang **ibang** mga organisasyon o kontak na sa tingin mo ay dapat naming kausapin?